Mga Miyembro ng Diyosesis ng Saitama Pastoral Evangelization Committee

Hulyo 11, 2010
Diyosesis ng Saitama
Obispo Tani Daiji

# Pag-uusisa galing sa Obispo

Sa Kombensiyon ng mga Pari sa taon 1999, ang Vision Statement para sa Diyosesis ng Saitama na, "Pagsasabuhay sa Ebanghelyo kasama ang lahat ng tao lalo na ang mga isinantabi" ay binalangkas. Ang Vision Statement ay nagbubuo ng Walong Pangunahing mga Isyu para sa Diyosesis ng Saitama (tingnan ang nakalaip na dokumento para sa Vision Statement at mga detalye sa Walong Pangunahing mga Isyu).

Sa mga nakaraang sampung taon, ang Diyosesis ng Saitama ay nakikitungo sa mga pangunahing mga isyu. Dumating na ang panahon upang pagninilayan ang pangunahing mga isyung ito at magkaroon ng pagrepaso nito.

Ang paggawa ng pagninilay at pagrepaso ay gagawin sa pamamagitan ng mga sumusunod na proseso.

1. Sa Pastoral Ministers Convention sa Hunyo 2010 (mga pari, diyakono, relihiyoso/sa at misyonero/ra na layko) ay magninilay at repasohin ang mga pangunahing mga isyu. Ang Pastoral Ministers Council ang magbubuod sa mga resulta ng mga pagpupulong at gagawa ng ulat.
2. Ang Pastoral Evangelization Committee (layko) at ang Komite ng mga grupo ng iba't-ibang lengguwahe ay magkakaroon din ng mga pagpupulong upang pagnilayan at irepaso ang mga pangunahing mga isyu (Hulyo 2010-Enero 2011).
3. Ang mga ulat galing sa 1 at 2 ay pagbubuuhin ng Pastoral Ministers Council at sila din ang magbalangkas ng kahulihulihang ulat ng "Pangunahing mga Isyu ng Diyosesis ng Saitama" (pansamantalang pangalan). Ang ulat na ito ay ibibigay sa Obispo sa Hunyo 2011 sa Pastoral Ministers Convention.

Ang bagong mga miyembro ng Pastoral Evangelization Committee at ang mga miyembro ng Komite ng mga grupo ng iba't-ibang lengguwahe ay pinakiusapang magbigay ng ulat ukol sa sumusunod na tatlong bagay sa pag-usisa.

A. Alam ba at naintindihan ng mga layko ang tungkol sa Vision Staement at ang mga pangunahing mga isyu?
B. Talakayin (evaluate) ang antas ng nagawa at kaalaman ng iba't-ibang mga pangunahing mga isyu.
C. Gumawa ng mga mungkahi upang mapanibago ang mga pangunahing mga isyu (pag-iiba ng ayos, magdagdag ng bagong mga isu, bagong pananaw, atbp.).

Hinihiling ko na sa pagbubuod ng mga resulta ay gagawin sa sumusunod na mga bagay.

* Ang mga miyembro ng Pastoral Evangelization Committee ay magkakaroon ng pagtatalakay sa mga pagpupulong sa iba't-ibang mga parokya at Block Area. Ang mga talakayang ito ang magbibigay ng reperensiya para sa indibiduwal na miyembro ng Pastoral Evangelization Committee para sa pagbubuod ng mga ulat base sa kanilang sariling mga ideya. Ang ulat ay kailangang 1 pahina lamang, A4. Lahat ng mga ulat ay ibabahagi sa buong komite sa Enero 2011 sa dalawang araw na overnight na pagpupulong ng Pastoral Evangelization Committee.
* Ang staff ng Open House ay mamili ng 2-4 na mga miyembro ng mga layko at isali sa Komite ng grupo ng iba't-ibang lengguwahe. Ang napiling mga miyembro ay magpupulong sa kanilang mga lengguwaheng grupo upang magtalakayan at gumawa ng ulat na nakasulat sa isang pahina, A4. Ang buong komite ay tatalakayin ang mga ulat na ito sa Enero 2011, sa dalawang araw na overnight na pagpupulong ng Pastoral Evangelization Committee. Ang pagsasalin ng pag-uusisang ito para sa grupo ng iba't-ibang lengguwahe ay gagawin sa Hulyo at ipamamahagi ito ng staff ng Open House.
* Ang mga resulta ng mga talakayan na ginawa ng Pastoral Evangelization Committee ay ibubuod ng Steering Committee sa katapusan ng Abril at isang ulat ay ibibigay sa Obispo.